# MANAMPALATAYA MULA SA PUSO

[Binabasa ni Kapatid na Branham ang Santiago 5:12 sa pagsisimula ng teyp—Pat.]

> *. . .ni ang anomang ibang sumpa: kundi ang inyong oo ay maging oo; at ang inyong hindi ay* maging *hindi; upang* kayo'y *huwag mangahulog sa ilalim ng hatol.*
>
> *Nagbabata baga ang sinoman sa inyo? siya'y manalangin. Natutuwa ang sinoman? awitin niya ang mga pagpupuri.*
>
> *May sakit baga ang sinoman sa inyo? ipatawag niya ang mga matanda sa iglesia; at ipanalangin nila siya, na pahiran nila ng langis sa pangalan ng Panginoon:*
>
> *At ang panalangin ng pananampalataya ay magliligtas sa may sakit, at ibabangon siya ng Panginoon; at kung siya* ay *nagkasala, ay ipatatawad sa kaniya.*
>
> *Mangagpahayagan nga kayo sa isa't isa ng inyong mga kasalanan, at ipanalangin ng isa't isa* ang iba, *upang* kayo'y *magsigaling.* Sapagka't *malaki ang nagagawa ng maningas na panalangin ng taong matuwid.*
>
> *Si* Elias *ay isang taong may pagkataong gaya rin ng atin, at siya'y nanalangin ng buong ningas upang huwag umulan: at hindi umulan sa lupa* sa loob *ng tatlong taon at anim na buwan.*
>
> *At muli siyang nanalangin; at ang* kalangitan *ay nagbigay ng ulan, at ang lupa ay namunga ng kaniyang bunga.*
>
> *Mga kapatid ko, kung ang sinoman sa inyo ay nalilihis sa katotohanan, at siya'y* papagbaliking loob *ng sinoman;*
>
> *Ay alamin nito, na ang nagpapabalik-loob ng isang makasalanan mula sa* kaniyang *kamalian ng lakad niya ay magliligtas ng isang kaluluwa sa kamatayan, at magtatakip ng karamihang* kasalanan.

2 Sa huling kabanata ng Aklat ng Marcos. Sa ika-16 na kabanata, at sa huling talata ng ika-16 na kabanata ng San Marcos, ay mababasa natin ang Mga Salitang ito.

> Pagkatapos, *siya'y napakita sa labingisa samantalang sila'y nangakaupong nagsisikain, at pinagwikaan sila sa kawalan nila ng pananampalataya at katigasan ng puso, sapagka't hindi sila nagsipaniwala. . .*siya na nagbangon mula sa mga patay.

*At sinabi niya sa kanila, Magsiyaon kayo sa buong sanglibutan, at inyong ipangaral ang evangelio sa lahat ng kinapal.*

*Ang sumasampalataya at mabautismuhan ay maliligtas; datapuwa't ang hindi sumasampalataya ay parurusahan.*

*At lalakip ang mga tandang ito sa magsisisampalataya;* Mangagpapalabas sila *ng mga demonio sa aking pangalan; mangagsasalita sila ng mga bagong wika;*

*Sila'y magsisihawak ng mga ahas; at kung magsiinom sila ng bagay na makamamatay, sa anomang paraan ay hindi makasasama sa kanila; ipapatong nila ang kanilang mga kamay sa mga may-sakit, at sila'y magsisigaling.*

3 "Ang panalangin ng pananampalataya ay magliligtas sa may sakit." Ngayon, habang iniyuyuko natin ang ating mga ulo sa panalangin, sama-sama, tayong lahat, sa ating kaparaanan, at ang bawat isa sa kanyang kaparaanan, tayo'y manalangin ng panalangin ng pananampalataya para sa mga taong may sakit dito ngayong umaga. Pagkatapos ay nais kong patungan sila ng mga kamay, kasama ang mga matatanda sa iglesya. Kung magkagayo'y nagawa natin nang eksakto kung ano ang sinabi ng Salita ng Diyos. Dahil, doon ako mismo patungo, sa aking Mensahe.

Ngayon manalangin tayo.

4 Ama naming Makalangit, habang inihahandog namin sa Iyo ang awiting ito, ang himig ng *Only Believe*, ipinahahayag po nito sa Iyo ang aming mga damdaming nakatuon sa Iyong Salita. At ngayong napahiran na ang mga maysakit sang-ayon sa Iyong Salita, nananalangin po kami ng panalanging ito ng pananampalataya, sa abot ng aming kaalaman, upang sundin ang Iyong mga utos. At napagtatanto namin, maging sa aming kahinaan, higit Ka pong may kakayahang pagtagumpayan ang aming kahinaan sa pamamagitan ng Iyong Kapangyarihan at kabutihan. At pagkatapos ay pababababain na po namin ang mga matatanda sa iglesya, upang magpatong ng mga kamay sa mga maysakit, bilang pagtalima sa bawat atas na alam naming ibinigay ng aming Panginoon.

5 At dalangin po namin, Panginoon, na makasumpong kami ng biyaya sa Iyong paningin, makalipas ang lahat ng mga taong ito, na kami'y nagsusumikap pa ring makasunod sa Iyong utos. At ngayon idinadalangin ko po, kasama nitong munting grupo ngayong umaga, na tunay ngang Iyong ipinadala sa amin, sapagkat sila'y nangangailangan, sila nga po'y naririto ngayon upang aming maipanalangin. At idinudulog po namin

ang panalanging ito para sa bawat isa sa kanila. Alam Mo po ang kanilang mga puso at alam Mo po ang kanilang mga mithiin.

6 At idinadalangin ko po ang panalanging ito ng pananampalataya, kasama ng iglesyang ito, na Iyong patotohanan sa kanila ang bawat mithiin nila. Maging realidad nawa ito ngayon din. At nawa po, sa paglabas nila ng bahay-sambahang ito, ngayong araw na ito, humayo nawa silang gaya ni Abraham ng sinaunang panahon, na itinuturing ang mga sintomas ng sakit na iyon na tila baga wala ang mga iyon, at di pinahihintulutan ang anumang sasalungat sa pagpapalang aming hinihiling. Ipinangako Mo po sa Iyong Salita na ito ay matutupad, at amin po itong sinasampalatayanan.

7 Ngayon, kasama ng mga lalaking ito na Iyong pinili at tinawag upang maging mga ministro at matatanda sa iglesya, papatungan namin sila ng mga kamay kung papaano namin tila . . . na tila baga binabautismuhan namin sila. At sila nga'y napahiran na. Ang panalangin ng pananampalataya ay amin nang naidulog, at ang aming mga kamay rin nama'y naipatong na sa kanila. Dalangin po naming ang kanilang pananampalataya ngayon ay tumingin sa Iyo, Oh Diyos na Makapangyarihan sa lahat, at sila'y mapagaling. Sa Pangalan ni Jesus ito ang aming dalangin.

8 Ngayon, hinihiling ko sa mga matatanda sa iglesya, na pumarito kayo sa may pila, habang pinapatungan natin sila ng mga kamay. At habang ipinapatong ng bawat isa ang inyong kamay sa . . . [Blangkong bahagi sa teyp. Ipinapanalangin nina Kapatid na Branham at ng mga ministro ang mga maysakit—Pat.]

9 Kung maaari'y ituon n'yo sa akin ang buo n'yong atensyon, kahit ilang saglit lang, kung mamarapatin n'yo. Sinisikap kong huwag gumugol ng labis na oras, habang ipinapatong ko rito ang aking relo, para makatiyak sa oras.

10 At, Kapatid na Beeler, sa palagay ko'y nariyan ka sa rekorder, sa kabilang dulo. At wala sina Leo at Gene dito. Kaya gusto kong ikaw na, kung mamarapatin mo, ang mag-rekord ng patotoong ito na aking ibibigay maya-maya, para maipadala natin kay Kapatid na Boze, kukunin niya kasi ito.

11 Nais kong bumasa, ngayong umaga, mula sa—sa Aklat ni San Marcos, sa ika-12 kabanata. Nais nating kunin ang isang bahagi nito at basahin Ito, sapagkat Ito ay ang banal, at purong Salita ng Diyos. At nananampalataya tayong ang Diyos ay nasa Kanyang Salita. Nananampalataya ba kayo roon? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] At idinadalangin nating nawa'y idadagdag ng Diyos ang Kanyang mga pagpapala rito, habang binabasa natin Ito, at nakatitiyak akong Kanya ngang gagawin iyon.

12 At pagkatapos ay nais kong kunin ang isa pang bahagi ng Kanyang Salita, mula sa Mga Gawa, sa unang kabanata. At babasa tayo mula roon. At hinihiling ko sa Panginoon na nawa'y Kanyang idaragdag ang Kanyang mga pagpapala sa—sa pagbasa ng Kanyang Salita.

13 Naghahanap lang ako rito. May pananda ako rito sa aking—sa aking Biblia, at doon ko sana gustong magbasa muna, bilang pasimula, pero sa palagay ko'y hindi ko ito makita sa pagkakataong ito. Ipagpaumanhin n'yo lang po pansumandali, hanggang sa mahanap ko ito, kung magagawa ko. Sa palagay ko'y nakita ko na.

> . . .sinabi ni Jesus *sa kanila, Magkaroon kayo ng pananampalataya sa Dios.*
>
> *Katotohanang sinasabi ko sa inyo,* Kung kayo ay *magsabi sa bundok na ito,* Malipat ka. . .; *at* hindi *magalinlangan sa* inyong *puso, kundi. . . manampalataya na mangyayari ang* sinasabi ninyo*; ay kakamtin* ninyo ang sinabi ninyo.

14 Ngayon, doon sa Mga Gawa, sa—sa unang kabanata at sa ika-8 talata.

> *Datapuwa't tatanggapin ninyo ang kapangyarihan, pagdating sa inyo ng Espiritu Santo: at kayo'y magiging mga saksi ko sa Jerusalem, at sa. . .Judea, at Samaria, at* sa pinakahuling mga hangganan *ng lupa.*

15 Nais kong ibaling ang inyong atensyon sa Salita ng Panginoon, ngayong umaga, nang ilang sandali. At nais kong ilagak ninyo ang buo n'yong atensyon Dito. Pakinggan n'yong mabuti. Ang kahalagahan ng Salitang ito!

16 Pagkatapos ng dalawampu't limang taon ng ministeryo para sa Panginoon, sa Kanyang gawain at sa Kanyang Salita; heto na nga't, nalalapit na ang akin namang ikalabindalawang taon sa internasyonal na pagi-ebangheliyo; at sa pamamagitan ng biyaya ng Diyos, nakaharap ko sa mga pagtitipon ang laksa-laksang mga—mga katao; at nasaksihan nga rito ang Panginoon sa mga ginanap naming mga kampanya, na nakapanghikayat, gaya ng nasaksihan ko, sa Kanya, o doon mismo sa dalawang milyong katao, o mga nasa isang milyon at limang daang libo, mga nasa ganoong bilang, doon sa mga pagtitipon. Humantong ngayon ako sa ganitong konklusyon, pagkatapos nitong lahat ng aming mga pagsisikap, at iba pa. Imposible para sa Diyos na makagawa ng anuman para sa mga tao kung hindi muna magpapasiya ang mga tao kung ito nga'y Katotohanan o hindi. Sadyang hindi mo mapipilit. Kahit pa . . .

17 Nakasaksi na ako ng mga dakilang obramaestra ng ating Panginoon, sa—sa Salita, na may kakayahang bigyang linaw ang Salita nang higit kaysa sa sinumang nasaksihan ko na, at gayunma'y hindi nila maiparating sa tao ang programa.

18 At naiisip ko, ngayong umaga, ang isang lalaking sa palagay ko'y may isa sa mga pinakamagandang programa sa himpapawid. Subalit mayroong, kung anong bagay, at hindi maiparating ng lalaking iyon ang kanyang programa. Iyon si Dr. Wyatt, isang tunay na guro. Yun nga lang may kung anong problema; hindi ko alam kung saang banda ang problema. May pangitain siya, may ideya siya, may kakayahan siya, subalit sadyang hindi niya talaga maiparating sa tao ang programa, kahit ano pang gawin. Ang programa niya'y lubos na nasa Salita, at dapat sana'y mapaluluhod na nito ang sanlibutan sa kanilang mga tuhod.

19 At nasaksihan ko naman dito, hindi pa ganoong katagalan, sa Louisville, noong makita ko si Dr. Mordecai Ham at ang marami pang mga sikat na teologong kakilala ko, na di hamak na mas magaling pang mangangaral kaysa sa batang-batang tatlumpu't walo o apatnapung taong gulang, na ebanghelistang may pulang buhok na lumakad patungo roon sa entablado, dumaan siya sa harapan ng mga lalaking iyon, at nangakaupo nga sila noon sa likurang mga upuan. At tumayo ang lalaking iyon doon noong gabing iyon, wala mang kasampu o kasandaang bahagi sa pagkamangangaral ng mga lalaking nangakaupo sa likuran niya, gayunma'y taglay ng naturang lalaking ito ang programa ng Diyos at naiparating niya iyon sa mga tao: si Billy Graham.

20 Napansin ko ang mga bagay na iyon. At sa pagpansin sa mga iyon, saka ako humantong sa ganitong konklusyon. Kahit ano ka pa, kinakailangang pagkalooban din ng Diyos ang mga tagapakinig. At kahit pa tumayo ako rito ngayong umaga at buhayin ang patay, at ibalik ang mga pilay sa kanilang normal na kalagayan, at, gayunpaman, wala ang Diyos sa naturang programa, wala itong kahahantungan. Kinakailangang nasa programa ang Diyos.

21 At ang sinumang tao, ay nakikilala, nakikilala ang kanyang katangian sa pamamagitan ng kanyang mga gawa. Kahit sino pa man siya, pinatutunayan ng mga gawa niya ang kanyang katangian. Kung ipagpahalimbawa mo ang isang tao, kahit gaano pa niya pagsumikapang maging mabuti, kung masama ang mga gawa niya, magiging walang kabuluhan ang lahat ng kabutihan niya. At ang salita ng isang tao ay ang kanyang katangian. Ang isang tao kung walang kabuluhan ang kanyang salita, tiyak hindi ka kailanman magtitiwala sa taong iyon, dahil sa walang kabuluhan ang kanyang salita.

22 Kaya, samakatwid, ang Diyos, na ating Ama, ang Kanyang katangian at ang Kanyang mga gawa ay nagpapatunay kung ano nga Siya. Ngayon, alam nating nalalang ang sanlibutang ito sa pamamagitan ng isang dakilang Manlilikha. Hindi maaaring basta na lang nagkaroon.

23 Ngayon, gusto kong ang mga ilang sandaling ito'y maging simple lang hangga't maaari. Subalit gusto ko rin namang maunawaan ninyo ito, sa pamamagitan nang pananalangin na pakilusin nawa ito ng Espiritu Santo patungo doon mismo sa liwanag na kinabibilangan nito.

24 Ngayon, kung magmamasid lamang kayo at pagmamasdan ang mga punongkahoy na lumalago; at ang mga sanga at ang mga dahon, kung paano silang umuusbong at lumilipas, at ang mga bulaklak; ang tagsibol, ang taglagas, ang taglamig, at ang tag-init. May isang bagay na tiyak na nasa likuran nun. Hindi maaaring magkaroon ng punongkahoy maliban na mayroong karunungan para gawin itong isang puno. Kahit anong uri pa ng buhay ang nasa loob nito, tiyak na mayroon 'yan, sa likod nito, na isang karunungan para lalangin ito kung ano nga ito.

25 Ngayon isipin n'yo 'yun, nang mabuti ngayon. Huwag ninyong palalampasin ito. Isipin n'yo ito, nang malalim. Dahil nga, kung mapapansin n'yo dito sa ating aralin sa Kasulatan, sinabi ni Jesus, "Kung sasabihin mo sa iyong puso!"

26 Hindi sa inyong mga intelektuwal na kaisipan; hindi iyon gagana roon. Kahit gaano mo pa pagsikapang paganahin iyon, hindi iyon gagana, 'pagkat intelektuwal na kaisipan iyon at may hangganan.

27 Subalit kung ang isang bagay ay Walang Hanggan, wala itong katapusan, at wala itong simula. Anumang may katapusan, o simula, ay may katapusan. Subalit ito'y sadyang yaong mga bagay na walang pasimula. At ang Diyos ang nag-iisang walang pasimula o walang katapusan. At, kaya naman, upang magkaroon ng mga bagay na ito na may pasimula, kinakailangang may bagay na walang pasimula, upang pasimulan ang simula.

28 Ang unang punongkahoy na nilalang, gaya nung isinumpa ni Jesus dito. Sabi, "Mula ngayon ay huwag kang magbunga kailanman. Wala nang taong kakain mula sa iyo." Tiyak na mayroon 'yan, saanman naroroon, ang punongkahoy na 'yan ay tiyak na may pasimula. At may katapusan din; nang ang mga salita, na namumutawi sa mga labi Niyaong nagbigay rito ng simula, ay sinapit ito sa katapusan. Kaya, nakita n'yo na kung paanong Walang Hanggan ang mga Salita Niya.

29 Kaso nga'y tinanggap lang natin ang Salita sa intelektuwal na batayan. At nasaksihan nga natin ang napakaraming ganap na kabiguan, hanggang sa ihatid na nito ang mga tao sa isang puntong sadyang halos hindi na nila alam kung ano na ang paniniwalaan. Sadyang napakarami nilang mga katanungang hindi magawang mapaglakip-lakip ng kanilang—kanilang relihiyon. Walang patumanggang magsisitakbo sila sa gawing *ito*, at walang patumangga sa gawing *iyon*, na sumasapit tuloy sa kawakasan, at heto sila't unti-unting gumagapang

pabalik. Magsisimula sila ng mga malalaking pagkilos at magsisitakbo silang gaya ng mga Methodist, ng mga Baptist, at ng mga Pentecostal, at ng lahat ng mga ito. At, malalaman mo na lang, makabubuo na sila nitong mga mumunting saykikong kaisipan, at walang patumangga silang magsisitakbo sa gawi roon at tuwang-tuwa pa kamo. Gayunpaman, malalaman mo na lang, masusumpungan nila ang kanilang mga sarili na sumapit na sa hangganan.

30 Subalit ang tanging mga bagay na wala talagang pagkupas, ay ang mga bagay na Walang Hanggan, at ang mga Walang Hanggang bagay ay ang Diyos.

31 Ngayon, kung mapapansin n'yo, ang isang taong nakikilala sa kanyang—kanyang katangian ay nakikilala sa kanyang mga gawa. Kung iisipin nga natin kung papaanong ipinakikita ng Diyos ang Kanyang katangian ay sa pamamagitan ng Kanyang mga gawa. May Sarili Siyang katangian, at ginagawa Niya ang Kanyang mga gawa. At kung titingnan n'yo ang Kanyang mga gawa, sadya ngang kamangha-mangha ang mga ito!

32 Ngayon hayaan n'yong hamunin ko ang bawat siyentipiko sa mundo na igawa ako ng isang punongkahoy. Hayaan n'yong hamunin ko ang bawat siyentipiko sa mundo na igawa ako ng isang maliit, at simpleng suwi ng damo. At ito'y ganap na imposible.

33 Buweno, para bang, kung gayon nga, sa pag-iisip sa gayong mga bagay, ay mayroon ngang paglalagay, sa pamamagitan ng pagbabasa ng Salita, nitong isang pananampalatayang hihigit pa sa intelektuwal na pagkaunawa, sa loob ng puso. Sinabi ni Jesus, "Kung sasabihin mo sa iyong puso!"

34 Ngayon, nangalilito't gulung-gulo tayo sa ating mga isipan, at nagpapasiya tayo at nagsasabing, "Oh, nakita kong nagawa ang *ganoon*. Oo. Ako'y . . . " At paminsan-minsan, sadyang may paglukso ito, paglundag, at kung anu-ano pa, pero para bang sadyang hindi ito makakilos nang tama. Ito'y dahil sa pinipilit nating ihalo ang intelektuwal sa sobrenatural. Walang ugnayan ang mga iyon sa isa't isa, wala naman talaga. Magsasabi ang intelektuwal ng isang bagay, at iba naman ang sasabihin ng sobrenatural.

35 At ang sinumang taong pinangungunahan na ng Espiritu ng Diyos ay hindi na nag-iisip ng anumang intelektuwal na kaisipan, bagkus siya'y pinangungunahan na mula sa kanyang puso ng Espiritu ng Diyos. Hindi siya mauunawaan. Sasabihin ng mga tao, "Oh, papaano mangyayari iyon?"

36 Ngayon nga'y nakatatanggap ako ng mga liham at mga tawag sa telepono, "Ibig mong sabihin, Kapatid na Branham, hindi ka mangingibang-bansa? Pagkatapos ng lahat nitong mga dakilang . . . "

37 Oo nga't, kung titingnan para bang napakainam nito, pero may Bagay roon sa kaloob-looban, ang sabi, "Mag-ingat ka."

38 At, heto nga't, hindi na tayo tumitingin sa nakikita natin. Tumitingin tayo roon sa mga bagay na hindi natin nakikita, doon lang, sa kung ano ang sinasabi ng Diyos sa puso. At kung mapagtutuunan natin ng pansin ang mga bagay na iyon, gaano pa kaya sa Makalangit na pagpapagaling. Kung nangako ang Diyos, at umangkla iyon sa puso, buweno, para saan pa natin kakailanganin ang mga intelektuwal na kaisipan? Hindi ko na tinitingnan ang mga paghihirap ko. Hindi ko na tinitingnan ang mga sintomas ng sakit ko. Tumitingin na ako sa kung ano ang sinabi ng Diyos tungkol dito. Dahil sa, tutal, siya ang Boss, at siya ang pinakamataas na Boss. Kahit pa sabihin ng doktor na *ganito-at-ganoon*. . .

39 Ngayon, kung susubukan mong pagkunwarian iyon, hindi 'yun uubra. Kung sisikapin mo itong pangatwiranan sa isip mo, sasabihing, "Oo, tama nga ang Salita ng Diyos. Sinasampalatayanan ko Iyon. Nananampalataya akong mangyayari nga ito. Sa palagay ko ay *ganito*." Ngayon, kung sa intelektuwal na kaisipan lamang iyan, mas mabuti pang huminto ka na sa pag-iisip n'yan.

40 Hanggang sa may Isang bagay na bababa riyan sa kalooban mo, na sadyang magsasabing ganoon nga ito, at iyon lamang ito. Walang sapat na mga demonyong tinulot ng pagdurusa ang makauuga nito mula sa iyo. Ito'y Isang bagay riyan sa kalooban mo, na tinatawag na "puso." Doon masusumpungan ng tunay na pananampalataya ang dakong kapahingahan nito.

41 Sisikaping pangatuwiranan ito ng mga taong intelektuwal. "Ngayon maging makatuwiran lang tayo." Ngunit walang mga pangangatuwiran sa pananampalataya. May iisang bagay lang dito, at, 'yun ay, ang Salita ng Diyos ay tama. Oh, doon nga dumapo ang kaluluwa, at doon nga rin mismo nakapahingalay nang Magpawalang-Hanggan, sapagkat sinalita ito ng Diyos. Hindi ganang pagkukunwari, bagkus may pagkakaalam dito.

42 At ang lupa, bilang gawa ng Diyos, ganap nitong pinatutunayan at pinatototohanan ang Kanyang Pagka-Diyos. Kinakailangang may isang Diyos, kung hindi'y walang lupa. Kinakailangang may isang Manlilikha, kung hindi'y walang sangnilikha. At kung ang Salitang ito, na sa pamamagitan nga nun ay Kanyang nilikha ang lupa, ay magbitiw ng pangako, kinakailangan nitong likhain nang eksakto kung ano ang likha ng lupang ito, sa pamamagitan ng Kanyang Salita, sa pasimula.

43 Noong sinabi ng Diyos na, "Magkaroon," at marahil nga'y gumugol iyon nang sampung bilyong taon. Hindi ko alam kung gaanong katagal ang ginugol nun. Subalit gaano mang katagal ang ginugol nun, walang anuman iyon, sapagkat ang Diyos ay Walang Hanggan. At sinabi nga Niya, "Magkaroon," at nag-

umpisang mabuo iyon, sapagkat pinagtiwalaan ng Diyos ang Kanyang Mismong Salita at sinampalatayanan.

44 At kung ang Kanyang Salita ng Kanyang paglikha, itong Kanya ngang gawa, ay nagpapatunay na Siya ay isa ngang Manlilikha, kung gayon bakit hindi natin mapagtiwalaan ang Kanyang Salita at ang sinasabi Nito at sampalatayanan Ito? Gayung, Ito ang Salita ng siya ring Manlilikha. Ngayon, ang mga gawa Niya ang nagpapatibay.

45 At, ngayon, bago pa man ang Diyos, Yaong hindi maaaring magkamali, ay makapagsasalita ng anuman, nararapat lamang na sakdal ito. Sapagkat, maaari lamang itong—maaari lamang itong. . .kung galing nga ito sa Diyos, magmumula lamang ito sa isang sakdal na daluyan.

46 Ngayon pansinin n'yo ito. Ang buong sangkatauhan, sa anumang bagay, nakikilala ang mga tao sa kanilang mga gawa.

47 Noong itinayo yaong kahanga-hangang Tulay de Munisipal sa Sydney, Australia, noong nagsugo sila sa buong mundo para kumuha ng mga tagapagtayo ng tulay, mga arkitekto, at mula sa kung ano mang naroon sa kabilang ibayo ng tangway sa—sa Sydney, Australia, na dumurugtong doon sa Timog Sydney. Nagsirating itong mga arkitekto at silang lahat, at hinukay ang lupa at sinuri iyon. At humantong silang lahat sa ganitong konklusyon, "Hinding-hindi ito magagawa." Sabi pa, "Punung-puno ng mga kumunoy ang buong look. At hindi ganoong katatag ang lupa. Magbabago-bago ang ayos ng lupa. Kung kaya, kung maitatayo ang tulay, magiging mapanganib na bagay ang tangkaing tawiran ito."

48 At sa wakas ay may isang lalaking may malinaw na pananaw sa hinaharap, isang tagapagtayo ng tulay sa Inglatera. Dumating siya. At siniyasat niya 'yung buhanginan. Kanyang—kanyang sinukat at minapa iyon. Sinuri niya ang mga lupa. Sinukat niya ang lalim ng tubig. Minabuti niyang pag-aralan ang lahat ng mga iyon, muna.

49 Oh, gusto ko iyon. Minabuti niyang pag-aralan ang lahat ng mga iyon, muna. Sinabi ni Jesus, "Ang isang taong bumibili ng isang lupa, o haharap sa isang hukbo, ay nauupo muna at tinataya ang halaga." Bawat isa sa inyo rito sa may altar ngayong umaga, ay mauupo riyan sa inyong mga upuan bago kayo paririto upang mapahiran, at titimbangin ang kahulugan nito. Hindi lang ito pagsabak sa pila sa pananalangin, nang basta-basta na lang. Ito ay paghanay roon na may matatag na pagtitiwala, na, naipangako na iyon ng Diyos at may kakayahan ang Diyos na tuparin ang Kanyang Salita.

50 Kaya, sinuri ng lalaking ito ang naturang mga lupa. Sinuri niya ang. . .bawat latag ng lupa sa ilalim ng tubig doon na may kumunoy. At, sa wakas, nagtungo na siya sa mga opisyales. Sabi niya, "Itatayo ko ang tulay, at magiging ligtas iyon."

51 Ang mga tagapagtayo ng tulay ng Amerika at ng iba't ibang panig ng daigdig ay tumawa lang at nagsabing, "May sakit sa pag-iisip 'yung lalaking 'yan. Walang makapaglalagay ng tulay sa ibabaw nun." Sabi pa, "Kahit lumakad nga lang ang manok sa tulay na itatayo, lulubog na ang tulay. Hindi makakayanan iyon ng tulay. Ang pagyanig na manggagaling maging sa asong tumatakbo patawid ng tulay, ay magpapayanig sa tulay," sabi pa, "gagalaw ang mga buhangin, at guguho ang tulay. Hindi iyon maaaring magawa."

52 Subalit ang lalaking ito ay taong may malinaw na pananaw sa hinaharap, at alam niya ang sinasabi niya, sapagkat may kung anong bagay roon sa kaibuturan niya ang nagsabi sa kanyang makakaya niyang gawin iyon.

Diyos, pagkalooban Mo po kami ng mga lalaki sa iglesyang, gaya nun!

53 Ngayon, batay sa lahat ng mga siyentipikong pananaliksik, na, hindi iyon magagawa, pinatunayan ng siyensya na hindi talaga iyon maaaring magawa. Subalit ang lalaking ito'y may isang malinaw na pananaw sa hinaharap na magagawa niya iyon, kaya tinanggap niya ang kontrata.

54 Kaagad-agad ay nagtrabaho na siya. Sinimulan na niyang suriin ang mga lupa. Pinag-aralan niya, at sinukat ang kailaliman ng kumunoy. Sinubok niya ang bawat turnilyo. Sinubok niya ang bawat piraso ng—ng kahoy, bawat piraso ng bakal, bawat semento. Kinakailangang masuri nang lubos ang lahat. Sapagkat, ang kanyang—kanyang bantog na pangalan, ang kanyang reputasyon at ang kanyang kakayahan, ay nakasalalay sa kung tatayo ba ang tulay na iyon o hindi.

55 At kung ang isang tao ng mundong ito, sa pamamagitan ng isang malinaw na pananaw sa hinaharap, ay naniniguradong nasuring lubos ang lahat bago niya ito ilagay sa isang tulay, dahil sa kanyang reputasyon at dahil sa kanyang pangalan, gaano pa kayang sinubok ng banal nating Makalangit na Ama ang bawat Salita na binigkas kailanman o naisulat sa Biblia. Sinubok Niya ang bawat Salita, ang bawat propeta. "At ang bawat anak na lumalapit sa Diyos ay kinakailangang masubok." Ang materyales na mailalagay sa dakilang Daang-bayang ito, bawat bato, bawat materyales, bago ito ilagay sa—sa Katawan ni Cristo, ay kinakailangang masubok, masupil. "Bawat anak na lumalapit sa Diyos ay kinakailangan munang masubok." Walang hindi kasali; talagang bawat isa! Bawat propeta, bago siya makapagsulat sa Bibliang iyon, sinusubok muna siya ng Espiritu Santo. Kung papaanong siya . . .

56 Ang naturang tagapagtayo ng tulay, ipagpaumanhin n'yo po, nakalimutan ko na ang pangalan niya. Pero alam ko 'yun. Ilang araw na ang nakalipas, nung binabasa ko 'yung artikulo, kung papaanong sinubok niyang lahat. Kinuha niya ang mga

pinakamahuhusay na mekaniko na mahahanap niya. Kinuha niya ang pinakamahusay na tagasimento. Kinuha niya ang pinakamahuhusay na mahahanap niya, para pagsama-samahin ang pinakamagagaling na mahahanap niya.

57 Oh, sumisigaw ang kaluluwa ko ng "hallelujah" sa Diyos, kapag naiisip kong inilalagay ng Diyos sa Kanyang Iglesya ang pinakamaiinam na mahahanap Niya. Kinukuha ng Diyos ang Kanyang mga anak at sila'y isinasalang sa isang matinding pagsubok ng pagiging karapat-dapat, saka Niya sila inilalagay sa Katawan ni Cristo dahil nasubok na sila. Nananampalataya sila. Dumaan sila sa mga pagsubok. Nagkaroon sila ng karanasan. Mga saksi Niya sila. Alam nila ang kanilang sinasabi. Hindi lang intelektuwal na pagkaalam, kundi naipanganak na silang muli, ng mahal na Espiritu Santo, at sinubok na ng panahon at nasiyasat, hanggang sa ang mga kaluluwa nila'y nailagak gaya ng matatag na batong nakatuon sa Kalbaryo. Oo, mga subok na sila ng panahon. Mga saksi sila ng Kanyang Kapangyarihan. At sa pamamagitan nun, nagtatayo ang Diyos ng tulay mula sa lupa patungo sa Kaluwalhatian, upang ang sinumang naglalakbay ay makaparoon sa daang-bayan, maupo sa lilim ng punongkahoy, sa kulimlim ng araw, sa pamamagitan ng subok na ng panahong mga materyales, sila ngang mga nagtitiwala sa Diyos sa Kanyang Salita. Kahit ano pa man ang mga sintomas ng sakit, anumang mga katayuan, hindi iyon makahahadlang sa daan. May mga materyales ang Diyos na sinubok na ng panahon upang maging saksi, at inilalagay Niya ito.

58 At itong tanyag na tagapagtayo ng tulay na ito, noong sa wakas. . .Tumayo ang mga arkitekto roon sa gilid at sabi sa tagapagtayo, marami rito'y mga kritiko, "Hindi 'yan tatagal."

59 Gayundin naman nung sinabi nilang, "Hindi na kailanman babangon ang Iglesya." Gayundin naman nung sinabi nilang, "Lumipas na ang mga araw ng mga himala." Gayundin naman nung sinabi nila, na, "Hindi na kailanman matatamasa pa ang makalumang relihiyon."

60 Ngunit, oh, noong pinaglakip-lakip ng lalaking ito ang lahat ng mga materyales na iyon, sa kanyang paghuhukay. May mga kagamitan siyang bumubomba ng hangin, at nilinis niya ang mga kalaliman ng kumunoy na naroon. Patuloy siyang bumaba, pababa, nang pababa, nang daan-daang talampakan sa ilalim ng tubig, hanggang sa matanggal na niya 'yung mga gumuguhong buhangin, hanggang sa mailatag na niya itong sementong nakaangkla sa bato sa ilalim ng dagat. Oh, di birong halaga iyon, oo.

61 At anumang bagay na napakahalagang makamtan, ay may kaakibat na halaga. Sadyang napakadakila ng kaligtasang ito! Anong laking halaga!

Pero, narating na rin niya sa wakas ang kalaliman ng mga gumuguhong buhangin.

62 At kumuha ang Diyos ng mga Cristiano at sinubok sila, at sinubok pa, kinailangan silang kuskusin, at kuskusin pa, at patuloy na kuskusin pa, hanggang sa wakas, isa sa mga araw na ito, marating Niya ang matibay na Bato. Ang ilang mga tao'y kuntento na sa kung anong mababaw na karanasan ng pakikipagkamay at pakikianib sa iglesya, at pagwiwisik ng ilang beses, o bautismo kuno o kung ano man 'yun, at nililinis Niyang lahat ang mga naturang gumuguhong buhangin na 'yun hanggang sa maiangkla ang tao sa Bato, si Cristo Jesus. Lahat ng mga diyablo sa pagdurusa ay hindi siya matitinag.

63 Alam ng tagapagtayo ng tulay ang ginagawa niya. At noong, sa wakas, makumpleto na ito, sabi ng ilan sa kanila, "Hindi 'yan tatagal. Mapanganib para sa anumang bagay na tumawid diyan."

64 Kumuha siya, sa palibot, ng isang grupo ng mga inhinyero, at ng mga tren. At noong araw na tumawid sila mula sa Timog Sydney, patungong Hilagang Sydney, patawid ng kahabaan ng tulay, naglagay siya ng walong pangkargong bagon na punung-puno. At pinaupo niya ang alkalde ng siyudad sa isang kotse, at pumunta siya sa harapan nun, naglalakad, bitbit ang isang bandila. At habang ang naturang malaking sandatahan at ang malalaking, walong naglalakihang bagon na punung-puno, ay nagmartsa patawid ng tulay na iyon, na ang tagapagtayo nito ang nangunguna, lumalakad sa unahan, ni hindi man lamang natinag ang tulay.

65 At si Jesus Cristo, ang Anak ng Diyos, na Siyang Arkitekto ng Iglesya, ay pumarito sa lupang ito at inilatag ang pundasyon. Noong makatagpo Niya ang Diyablo, sinubok Siya sa Salita ng Diyos, at sinabi Niya, "Nasusulat, 'Hindi lamang sa tinapay nabubuhay ang tao.'" Noong dinala Siya nito sa pinakatuktok ng templo, sabi Niya, "Nasusulat." Nakikita n'yo ba ang materyales na inilalagay Niya sa Kanyang Iglesya? Dinala Siya nito sa bundok, at ipinakita sa Kanya ang lahat ng mga naglalakihang programa na maaaring mapasa Kanya; sabi Niya, "Nasusulat."

66 Ang buong Salita ng Diyos ay subok na ng panahon. At Siya ang dakilang Kapitan na nangunguna sa atin, habang wumawagayway ang Kanya Mismong duguang balabal, na, sa pamamagitan ng tumutubos na pag-ibig ng Dugo ni Jesus Cristo ay binili ang isang Iglesya, sa pamamagitan ng Espiritu Santong sumubok sa bawat turnilyo at sa bawat taong nakaangkla sa dakilang Iglesyang ito ng buhay na Diyos. Isang subok na ng panahong materyales ang siyang makagagawa nga nito.

67 At habang patuloy Siyang nagmamartsa, ang dakilang pamunuan ay sumusunod sa Kanyang likuran, na isang Iglesya

ng buhay na Diyos na naipanganak na muli, ang naturang Iglesya ay hindi natinag, sapagkat tumanggap tayo ng isang Kahariang hindi matitinag. Ito'y hinukay diretso roon sa matibay na Bato, ni Cristo Jesus, na siyang Pangulong Batong Panulok. At habang nangunguna Siya sa atin, taglay-taglay ang Kanyang Sariling duguang balabal, na humahawi sa daan, yaon nga'y ang tanda ng pagtubos.

68 Mga saksi! "Kayo ay magiging mga saksi Ko, sa Jerusalem at sa Judea, at sa Samaria." Ang Kanyang Iglesya ay tumatayong saksi Niya. Ngayon, sa umagang ito, nais kong sabihin ito at iwan ito sa inyo. Tayo ay Kanyang mga saksi matapos ninyong matanggap ang Espiritu Santo. Sapagkat may iisang bagay lamang na maaari ninyong patotohanan, 'yun ay, kung ano ang alam ninyong Katotohanan.

69 Ang lalaking iyon ay makapagpapatotoo, pagkatapos niyang alisin ang lahat ng mga buhangin at masumpungan ang matibay na bato sa dibdib ng lupa. Saksi siya na iyon ay magiging matatag. Inilagay niya 'yung aparato ni Geiger at ang mga makinarya roon sa mga malalaking piraso ng materyales at sinubok ang bawat isa sa mga iyon. Saksi siya na magiging matatag ang mga iyon, sapagkat nakita na niyang sinubok iyon sa lakas nito at nanatiling nakatayo ang tulay.

70 At tayong mga ipinanganak muli ng Espiritu Santo, na napuspos na ng Kapangyarihan ng Diyos, na nakalasap na sa Buhay na Walang Hanggan ng Walang Hanggang Diyos, at Yaong nananahan sa atin, ay mga saksi ng Kanyang kabutihan, at ng Kanyang Salita, at ng Kanyang Kapangyarihan. Hindi na ito haka-haka lamang. Ito'y isang pagkaalam, sa pamamagitan ng karanasan.

71 Si Noe, noong ginawa niya 'yung daong, nagpatotoo siya sa masamang sanlibutan na may matuwid na Diyos. Bagama't para bang kabaliwan noong tinatayo iyon, subalit napatunayan na iyon lang ang tanging bangkang makalulutang sa unos. At habang itinatayo ito, ito ay. . .Hinatulan Niya ang masamang sanlibutan, at inaring-ganap yaong mga nanampalataya rito.

72 Sadyang pambihira, kung minsan, ang paggawa ng Diyos ng mga bagay-bagay, sa mga mata ng tao. Huminto na ba kayo upang isipin kung anong uri ng kahoy ang ginamit ni Noe para gawin ang daong? Yari iyon sa kahoy ng shittim. At iyon ang pinakamalambot na kahoy na makukuha mo. Para lang itong kahoy ng balsamo. Ito'y isang. . .Aba, maihahagis mo ito roon sa lawa, at lulubog ito sa loob ng limang minuto. Ito'y kahoy ng balsamo, o kahoy ng shittim, may mga butas ito. At hindi ba't kataka-takang bagay na ang isang daong na sasabak sa pagsubok ng pangmalawakang pagkagunaw sa baha, ay gawa sa malambot na kahoy? Buweno, madali kasi itong gamitin.

73 At kung minsan kapag nagiging napakatigas na natin at nananangan na sa ating mga kaparaanan, hindi tayo magamit ng Diyos sa kahit ano.

Subalit heto ang dahilan kung bakit Niya ginawa iyon.

74 Napansin n'yo ba? Pagkatapos Niya itong gawin, nagpakulo siya ng kaunting alkitran, o kaunting dagta, iyon nga, mula naman sa iba pang mga punongkahoy. Ngayon ano ba ang pakahulugan nito? Noong binubuo niya ang daong, yari iyon dito sa talagang magaan, at malambot na kahoy. Puwede mo itong buhat-buhatin, nang napakadali, napakagaan nito at madaling ikorte. At saka siya pumutol ng isa pang puno yaong puno ng pino. At nilamog nila iyon sa bugbog, 'yung pamamaraan nila ng pagkuha ng dagta noong unang panahon, nilamog ito nang nilamog sa bugbog, hanggang sa makatas nila 'yung dagta rito. At saka niya kinuha ang dagtang ito at ibinuhos dito sa magaang kahoy, at pinunan ng dagta ang mga butas na nasa magaang kahoy, nabalutan 'yun, nagawa iyong mas matigas pa kaysa sa bakal.

75 At kinuha ng Diyos ang Kanyang Iglesya, na ibinuhos ang kanilang sarili nang walang itinitira, walang iba kundi silang mga masusunurin sa mga kamay ng Diyos. Pinutol ng Diyos ang Kanyang Sariling Anak, at kinuha ang buhay mula sa Kanyang Anak, sa pamamagitan ng mga hampas at mga bugbog, at isinalin ito sa mananampalataya; at ang naturang mananampalataya ay nababalutan na, nakahanda na para sa mga paghatol. Iyon lamang ang tanging bagay na makatatagal sa paghatol.

76 Dumaan ito mismo sa mga paghatol. Heto nga't, dumaan siya mismo. Ang—ang tubig ay ang kahatulan. At dumaan ang daong sa paghatol. Iyon ang katibayan na alam ng Diyos ang Kanyang ginagawa. Sinunod ni Noe ang Salita ng Diyos. Maraming mga bagay pa ang maihahalimbawa.

77 Si Daniel ay isang saksi na may isang Anghel sa Langit, o isang Diyos sa Langit, na nakaaalam ng mga lihim ng puso, sapagkat isinugo Niya ang Kanyang Anghel at iniligtas si Daniel. Maraming iba pang saksi.

78 Noong mamatay si Jesus sa krus, nagpatotoo ang kalangitan. "Hayan ang materyales. Iyan na nga 'yun." Kung mapapansin n'yo, nagpatotoo ang buong kalikasan dito.

79 "Sa mismong kalagitnaan ng araw." Noong magpropesiya ang Diyos, bago pa man maganap, kung kailan nga titigil ang sabbath, sabi, "Iyon ay panahon kung kailan lulubog ang araw sa kalagitnaan ng araw." "At mula sa ikaanim hanggang sa ikasiyam na oras, ay kadiliman." Ano ito? Yaong araw nga sa langit. . .Ngayon, ang kadiliman ay hindi nangangahulugang may kaunti itong liwanag. Ang kadiliman ay lubos at ganap

na kadiliman, napakadilim, kagaya noon sa Egipto, na talagang nahihipo ito. Ni walang sinag ng liwanag!

80 At naging saksi ang araw sa langit, “Hayun Siya. Iyon ang materyales na gagamitin ng Diyos sa pagtatayo ng Iglesya.” Naging saksi ang buwan at mga bituwin. Noong mamatay Siya, naging saksi ang kalangitan. Bumulwak ang lupa, nangawasak ang mga bato. Naging saksi ang lupa. At ang mga banal na nangakatulog sa lupa, mga alabok ng lupa, ay nagsibangon, nagpatotoo.

81 Ang mga tao nung Pentecostes, noong pinagkakatuwaan sila, tumayo si Pedro at nagpatotoo sa pamamagitan ng ilang bahagi ng Buhay ring iyon na lumabas sa paghagupit sa Kanya roon sa Kalbaryo, na naibuhos kay Pedro, sa anyo ng Banal na Espiritu. At tumayo siya roon bilang isang saksi, ang Salita ng Diyos, at nagpatotoo siya sa pamamagitan ng isang tekstong mula sa Kasulatan, na nagsabing, “Kayong mga lalaking taga-Judea, at kayong nangananahan sa Jerusalem, malaman nawa ninyong lahat ito, at inyong pakinggan ang aking mga salita. Sapagkat ang mga ito’y hindi lasing, na gaya ng inyong inaakala, datapuwat ito’y yaong sinalita sa pamamagitan ni propeta Joel, ‘Mangyayari sa huling mga araw, na ibubuhos Ko ang Aking Espiritu sa lahat ng laman.’” Siya ay isang saksi.

82 Ngayon papunta na tayo rito sa mga huli at masasamang araw, kung kailan magkakaroon Siya ng mga saksi. Tiyak na may mga saksi Siya. Buhay ang Diyos. Walang Hanggan ang Salita ng Diyos.

83 Ngayon ay bumalik tayo sa binasa nating Kasulatan. Si Jesus, pagbaba ng bundok, Siya ay gutom. At tumingin Siya sa isang punongkahoy, at walang bunga roon. Siya, marahil, ay ni hindi nagtaas ng Kanyang tinig.

84 Hindi Siya tumayo, at nagsabing, “Ngayon, mga ginoo, tumabi kayo riyan. Gusto Kong ipamalas sa inyo ang Aking kapangyarihan.” Ni Kanyang sinabing . . . “At may kapangyarihan nga Akong gawin ang punongkahoy na iyan na gumawa ng ganito-at-ganoon.” Hindi Siya kailanman nagsabi ng ganoon.

85 Lumapit lamang Siya rito. Hindi Siya nakasumpong ng anuman—anuman rito, kaya sinabi Niyang, “Sinumang tao’y hindi na kakain mula sa iyo,” at lumakad na.

86 Narinig iyon ni Pedro. At noong sumunod na araw, noong napadaan siya, oh, naroon pa rin ’yung puno, subalit patay na iyon. At may sinabi siya patungkol dito, kung papaanong ganun na lamang kabilis na natuyo ’yung puno, mula sa mga ugat nito. Sinabi ni Jesus, “Walang . . . ”

87 At, tingnan n’yo, hindi kasalanan iyon nung punongkahoy. Hindi pa panahon noon ng mga igos. Subalit ginawa Niya iyon para luwalhatiin ang Kanyang Sarili, upang patunayan

ang Kanyang Sarili. Upang. . .Siya ang Mesiyas, at isa iyon sa mga patotoo na Siya nga ang Mesiyas. Iyon ang tatak ng Kanyang pagiging Mesiyas. Ang huling tatak ay ang Kanyang pagkabuhay na mag-uli, ang Kanyang pag-akyat sa langit. Iyon ang huling tatak ng Kanyang pagiging Mesiyas. Ang ginawa Niya ay isang patunay na Siya nga. Ngayon, hindi Siya lumibot, at nagsabing, "Mamatay kayong lahat na mga punongkahoy." Ginawa lang Niya iyon doon upang ang mga alagad, na susulat ng Kasulatang ito pagkaraan ng ilang panahon, ay makilalang Siya ang Mesiyas. Kita n'yo?

88 Ngayon, kung gayon, noong tinanong ni Pedro ang katanungang ito, "Masdan n'yo, napakabilis namang natuyo ng punongkahoy!"

89 Pagkatapos ay sinabi Niya sa kanila, "Kung sasabihin ninyo sa bundok na ito, 'Malipat ka, at masugba sa dagat,' at hindi mag-alinlangan, kundi manampalataya na mangyayari ang sinabi ninyo, ay kakamtin ninyo ang sinabi ninyo."

90 Ngayon pakinggan n'yo. Bahagi 'yun ng materyales sa dakilang pamamalakad ng Diyos, ito ngang malaking barkong kinalalagyan natin, ang matandang barko ng Sion, sa Katawan ni Cristo.

91 Ngayon sa patotoo! Sa haba ng panahon, nasaksihan ko ito. At ngayon pakinggang mabuti para sa kaunting pagtuturo.

92 May mga pagkakataon sa buhay kung kailan lahat. . .Kung kailan pinagmamasdan ko ang paghihirap, at nakita 'yung mga pinahihirapan at nililigalig ng mga kapangyarihan ng demonyo, ang puso ko ay talagang nagdurugo para sa kanila. At, gayunman, natiis ko pa ring tawagan nila ako sa telepono, at sa mga pagtitipon, na mayroong pagkaka-ingay, at pagkilos, at paghatak, at paghila, at napakahirap talagang sumagot ng "hindi" sa mga taong iyon. Sa totoo, hindi ko magawa iyon; may tagasabi nun para sa akin. Hindi ko sila mapuntahan. Sadyang nagdurugo nang husto ang puso ko para sa kanila. Araw-araw ay dinaranas ko ang labis na pagpapahirap ng bagay na ito, at pinagbubulay-bulayan ko ito minsan.

93 At, aking, kaya't aking inaaliw na lamang ang sarili, sa pamamagitan ng pagtuon muli sa Kasulatan, at dito nga'y kita kong Siya'y nagdaraan sa lugar na iyon ng Betesda, at natanaw ang lahat ng mga lumpo at mga nagdurusa; at lumapit sa isang tao, pinagaling siya, na nakahimlay sa isang papag, at lumakad na palayo at iniwan na ang iba pa. Ngunit, gayunpaman, doon sa puso ko, para bang ako'y. . .Hindi pa rin nawawala 'yung pag-aalab. Oh, lubos kong hinahangad na sana nga'y mayroong maganap!

94 Pagkatapos ay napansin ko, doon sa Portland, Oregon, noong 'yung baliw nung gabing iyon ay sumugod sa entablado, upang patayin ako. Naaalala ko roon, may nangyari, at hindi iyon dahil

sa mga intelektuwal na kaparaanan lamang. Kung intelektuwal na kaisipan lang ang paiiralin, tinakbuhan ko na sana iyon gaya ng ginawa ng iba pang mga mangangaral. Ngunit, hindi ko tinakbuhan. May isang bagay; naghahanda ang Diyos para maipamalas ang Kanyang mga kapangyarihan.

95 Minsan, sinabi Niya, "Kayo ay magsitigil at kilalanin ninyong Ako ang Diyos." Kung titigil lang sana nang matagal-tagal ang Iglesya! Gagawa kasi ang Diyos ng isang munting bagay, at kung bakit naman kasi lahat sila'y magiging tuwang-tuwa at magtatatakbo, gagawin nga iyon, kita n'yo, lalayo sa kalooban ng Diyos. Kayo ay magsitigil.

96 Minsa'y ipinamalas Niya ang Kanyang Kapangyarihan sa Dagat na Pula. Sabi Niya, "Dagat na Pula, huminto ka lang." At pinalakad Niya ang Kanyang mga anak doon mismo. Ano kaya kung bumuwelta sila, sabihing, "Gawin nating muli iyon, Panginoon"? Hindi iyon mangyayari. Talagang hindi.

97 Minsa'y kinailangan Niya ng kaunting panahon para tapusin ang laban. Sadyang pinahinto ng Diyos ang araw, doon, upang matunghayan ang gagawin Niya. Oo. "Ngayon, araw, huminto ka lang, diyan, nang ilang minuto. May ipakikita ako sa inyo." Ngayon ano kaya kung, noong sumunod na araw, sabihin ni Josue, "Araw, huminto ka"? Hindi na ito gagawin ng araw. May gagawin kasi ang Diyos. Patototohanan Niya ang Kanyang Kapangyarihan. Ito ngang Kanyang Salita, Siya'y Makapangyarihan sa lahat, at pinatotohanan Niya Iyon.

98 Minsan, may isang bulag na lalaking galing ng Jericho. At habang padaan si Jesus, sumigaw ang lalaking bulag, "Mahabag Ka sa akin!" At sabi ng Biblia, "At huminto roon si Jesus, sabi, 'Dalhin ninyo siya rito.'" Oh, grabe! Huminto si Cristo, sapagkat gagamitin Siya ng Diyos upang ipamalas ang Kanyang Kapangyarihan.

99 Maaaring may sandaan pang mga lalaking bulag doon sa daan; hindi ko alam. Siguro'y sasabihin ng saserdote, "Pumarito Ka saglit! Sino Ka Na bumubuhay ng mga patay? Ibangon . . . May libingan kaming punung-puno nila. Narinig naming binuhay Mo si Lazaro." Subalit kinukumpirma lamang ng Diyos ang Kanyang pagiging Mesiyas. Iyon ang ginagawa Niya. Iyon nga.

100 Madalas kong pinagbubulay-bulay kung anu-ano ang mga nagaganap. Subalit may isang dako ngang maaaring mamuhay ang tao, nang napakalapit, sa Presensya ng Diyos. Hindi ito sa inyong pagpili. Sa pamamagitan ito ng paghirang ng Diyos na mamumuhay kayo sa kalagayang iyon, hanggang sa humantong sa puntong ang sarili ninyong intelektuwal na kaisipan ay wala nang anumang kinalaman pa rito.

101 Doon sa Timog Aprika, hinamon ako ng isang grupo ng mga mangkukulam. At nakatayo ako roon, isa sa sandosena o

higit pa, at sinisikap nilang magbitiw ng mga orasyon sa akin. Subalit pinatigil lamang sila ng Diyos at kanilang nasaksihan ang Kaluwalhatian ng Diyos na nagpapanauli ng paningin, at pagkabulag, at mga bagay sa mga nagdurusang tao.

102 Doon sa Karlsruhe, Germany, isang hapon noong pumaroon ang mga espiritista, upang. . .gusto nila kasi akong gambalain, sa hotel. Ayaw silang papasukin nung bantay. Sabi nila, "Oorasyonan namin ang pagtitipon na iyon mamayang hapon at walang dadalo. . ." Hindi pala, sabi, "Pababagsakin namin iyon, sa pamamagitan ng isang bagyo." At ang langit noon ay maganda at maaliwalas. Ngunit pagdating namin doon at nagsimula nang mag-awitan, ay siyang pagdating ng isang napakalakas na bagyo. Mayroong mga nasa dalawampu sa isang gilid ko, at dalawampu sa isa pang gilid. At inuusal nila ang kanilang mga pangkukulam at ginugunting nila ang mga baon nilang balahibo ng ibon, at nagsasagawa ng ganoong mga bagay, upang talagang mangkulam. At, pagdaka, ang malaking pantatlumpung libong tolda ay nagsimulang umuga at umalog, at umiihip ang mga hangin. At nangangaral ako noon. At may Isang nagsabi, "Huminto ka."

103 *Hallelujah*! Hindi ko ibig sabihing pagpaumanhinan ako. Ibig sabihin nun, "Purihin ang ating Diyos!"

104 At pinatigil ng Diyos ang bagyong iyon, pinaurong, upang makita ang kapurihan ng Diyos, kung saan nasa apatnapung libong kaluluwa, noong araw na iyon at gabi, ang natangay sa Kaharian ng Diyos, sa pamamagitan nun. "Huminto ka." Iyon nga. Nagpapatotoo Siya.

105 Doon sa Sweden o sa Switzerland. . .Buweno, dito, doon pala, doon sa Finland, isang araw, isang patay na batang lalaki ang nakahandusay sa gilid ng kalsada, nasagasaan siya ng sasakyan, niligis ang maliit niyang katawan nang pira-piraso. Nagkandabali-bali siya nang husto hanggang sa ang paa niya ay lumusot na sa kanyang mahabang medyas. Nasagasaan siya ng kotse at pinatilapon siya, gaya ng isang basahan, at initsa siya pataas doon sa ere at binalibag siya doon sa kabilang gawi ng kalsada. Nakaluwa ang kanyang mga mata. Nakabuka ang kanyang bibig. Nakalaylay ang kanyang dila at umaagos ang dugo sa kanyang mga tainga. Subalit, dalawang taon bago niyan, ipinakita na ng Diyos ang pangitain patungkol dito. At lumapit ako roon na tulala, at pinagmasdan ang bata; lumakad palayo, na umiiyak.

106 At ang Panginoon, o isang, sobrenatural, ang umakbay sa akin. Sabi, "Hindi ba't 'yan yaong batang ipinakita Ko sa iyo?" Oh, ibang klaseng pakiramdam!

107 Nakatayo roon ang alkalde ng bayan, ang Pinunong Lalaki, 'yan ang taguri sa kanya roon, at marami pang nakatayo roon sa tabi. At pinatigil sila ng Diyos, upang maipakita Niya ang dakila

Niyang Kapangyarihang magbangon ng patay, buhayin siyang mag-uli. “Huminto ka.” Sampalatayanan ninyo ang Diyos, at maging isang saksi. Walang Hanggan ang Kanyang Salita.

108 Ilang araw na rin ang nakararaan, noong kami ay. . . Nang masaksihan kung paanong gawin ng Diyos ang mga bagay-bagay nang may kasimplehan! At labis tayong nangalilito’t gulung-gulo, hanggang sa mga malalaking bagay na ang hanap natin. Masiyahan kayo sa maliliit na bagay. Pagmasdan ninyo Siya habang isinasagawa Niya ang mga dakilang gawa Niya, kung papaano Niya kayo pinangangalagaan. Huwag kayong tumingin nang lampas sa isang bagay, tumingin kayo rito sa gawing baba.

109 Pansinin n’yo. Sinimulan kong pagbulay-bulayan ito, na posibleng kapag ang isang tao, katulad ng mga apostol, kung makapamumuhay ka ngang malapit sa Diyos; at ang Diyos, sa Kanyang biyaya, ay gumawa sa pamamagitan mo; heto nga’t sa sandaling mas nakakamtan mo nang lubos ang Diyos, mas lalo kang nagiging maka-Diyos. Sa sandaling mas pumapasok nang lubos ang Walang Hanggang Buhay, mas lalong itinutulak Nito palabas ang pagka-intelektuwal.

110 Ngayon, hindi ko ibig maging panatiko. Ibig kong maging tunay, matino, at totoong mananampalataya. Kita n’yo? Hindi isang grupo ng ismo, kundi isang tunay na matatag, totoo, matino, at matalinong mananampalataya.

111 At ngayon masdan n’yo. Nakita ko na itong gumana. At ang isiping kung marating ninyo ang ganoong pakikipag-ugnayan sa Diyos, sa huli’y nagiging hindi n’yo na ito tinig. Hindi n’yo na ito kaisipan. Ito’y nagiging kaisipan na ng Diyos at tinig ng Diyos. Kayo ay isang puno ng ubas lamang o. . . isang sanga lamang. Siya ang puno ng ubas, at ang Kanyang Espiritu ang pumapasok at nagbibigay sigla. Hangga’t maiaalis ninyo ang inyong sarili sa daraanan, Siya ang magpupuno, at kung gayon ay maaari na kayong maging saksi.

Katulad na ang daong ni Noe ay isang saksi.

112 Kung papaanong si Jesus ay isang saksi ng Diyos. Lubos Siyang napuspos ng Diyos hanggang sa Siya at ang Diyos ay iisa. “Ang Diyos ay tumahan kay Cristo, na pinakipagkasundo ang sanlibutan sa Kanya rin.” Ang mismong kapahayagang, ipinakikilala ng gawa ng isang tao ang kanyang katangian! Si Cristo ay gawa ng Diyos. At ipinakilala ni Cristo ang katangian ng Diyos; ang Kanyang damdamin para sa mga may sakit, ang Kanyang mithiin sa pagliligtas sa mga kaluluwa, hanggang sa ibinigay Niya maging ang Kanyang Sariling buhay. Ang gawa ng Diyos, ang katangian ng Diyos, ay ipinakilala kay Cristo.

113 At kung magagawa n’yo lang na alisin ang inyong sariling kaisipang intelektuwal, at bigyan ang Diyos ng karapatang makadaan, maipakikilala Niya ang Kanyang katangian sa gawa

ng inyong pagpapasakop. Ibuhos n'yong lahat nang walang itinitira. Iwaksi ang sanlibutan, iwaksi ang inyong mga pag-aalinlangan, sa daan. Kung lumapit kayo sa altar upang maipanalangin, sasabihing, "Lalapit ako at titingnan ko kung gagaling kaya ako," hindi kailanman maipamamalas ng Diyos ang Kanyang mga gawa. Kinakailangan ninyong alisin ang sarili ninyong kaisipan sa daan, at hayaan Siyang punuin kayo.

114 Ngayon, kung papaanong napansin ko ang mga bagay na ito; gaya nitong matandang toro rito na papatayin na ako noong oras na iyon; gaya nung mga putakti noon doon sa may bakod; gaya ng maraming pang ibang bagay na naganap; ang oso sa kakahuyan. Ito'y isang aralin sa kalikasan. Ito'y bagay na nangyayari.

115 Sinasabi ko ito ngayon, ipagpaumanhin n'yo, bilang sarili kong karanasan, subalit gusto kong sabihin sa inyo dahil sa ito'y modernong panahon. May nagsabi, "Oh, buweno, ang mga bagay na iyon ay naganap noon pang araw ng mga propeta. Sa mga panahong. . . " Buweno, nagpapakita ang Diyos ng mga halimbawa. Subalit alam ba ninyo, ngayon, na nagtatayo ang Diyos ng isang Iglesya? Sinasabi n'yo, "Buweno, nagkaroon Siya noon ng mga propeta. Kinailangan nilang salitain ang Salita ng Diyos." Subalit, mayroon Siyang isang Iglesya ng Diyos, sa araw na ito.

116 Pansinin n'yo may bagay na nagaganap. Sana nga'y sa lahat ng pagkakataon ito. Hiling ko sa Diyos na maganap ito sa lahat ng panahon, subalit hindi. Dumarating lang ito sa Kanyang kalooban.

117 Ngayon, ilang araw na ang nakararaan, o mga dalawa o tatlong linggo na ang nakararaan, nananalangin ako para sa mga taong may leukemia. Sinasamahan kong manalangin ang mga tao, naghihintay ng pangitain, yaong mga may sakit at nagdurusa. Marami ang hanggang ngayon ay hinintay ko, nang maraming taon.

118 Halimbawa, ang munting si Edith Wright, na lumpo. Naaalala ko pa noong ang kanyang tatay ay nakahimlay, naghihingalo na noon, at nagpakita ng isang pangitain ang Diyos para sa kagalingan ng kanyang tatay, at hinayaan lang si Edith na mahimlay pa rin doon.

119 May isang munting babae, sa aking—aking palagay ay naririto pa rin siya. Si Gng. Geiger, mula sa Fort Wayne, kaawa-awang pagmasdan na munting ina, batang-bata pa. Nagsilang siya ng isang sanggol. At napakalaki nung sanggol; napakaliit naman niya, at nagdulot iyon sa kanya ng kanser. At pinagaling siya ng Diyos sa kanser. Ngayon nama'y siya'y halos manlupaypay, sa sakit na nerbiyos. Nagmemenopos na siya. At ang kaawa-awang munting babae. . . At itong tunay na tapat na asawang lalaki. At itong munting lalaki ay nagpunta na sa kung

saan-saan, nananalangin, at naghahanap, at umiiyak. At ako'y nananalangin para sa gayon.

120 At alam n'yo ang nangyari? Si Kapatid na Woods na nariyan sa likuran, dumating ang kanyang tatay, isang Saksi ni Jehovah. Isang Saksi ni Jehovah noon si Kapatid na Woods. Nagpatotoo at inihayag ng Diyos ang Kanyang Sarili sa kapatid na iyan, sa pagpapagaling sa kanyang anak na lalaki, si David, na lumpo noon.

121 Pagkatapos ay dumating ang kapatid niyang lalaki. Namumuhay ang kapatid niya nang pamumuhay na imoral. At doo'y bumaling ang Espiritu Santo at sinaway siya. Nakita ang babaing katanan niya, at isinuko ng kapatid na iyon ang kanyang buhay at hinayaan ang bawat diyablo na lumayas sa kanya noong araw na iyon. At naglalakad siya sa mga kalye ngayon at ginagawa ang lahat ng makakaya niyang gawin upang paglingkuran ang Diyos, nagpapatotoo sa kanyang mga kababayan.

122 Pagkatapos, ang kanyang abang matandang tatay, matapat sa abot nang kanyang makakaya, sa lahat ng kanyang mga transaksyon sa hanapbuhay bilang isang magsasaka, at maging sa iba pang mga bagay. At noong dumating ang kanyang tatay, gusto niyang makasama akong mangisda, at nagpunta kami roon sa lawa.

123 Habang binabagtas namin ang daan, isang pangitain ang dumating, noong umagang iyon. At sinabi Niya, "Bawat lawa na daraanan ninyo at bawat dinadaluyan ng tubig, ay magiging maputik; walang pangingisda. Subalit pagsapit n'yo doon sa Wolf Creek, sa Dale Hallow," sabi, "magiging maganda iyon at asul. At hindi pa kayo nakahuhuli ng hito sa tubig na iyon, subalit makahuhuli kayo ng isang tali ng mga hito. At," sabi, "makahuhuli sila ng isa o dalawang maliliit. At saka ka makahuhuli ng isang malaking isda, gamit ang isang isdang pamain na makaliskis. Magiging malaki 'yun, kumpara sa karamihan nun."

124 Bumaling ako at inulit ko ang narinig ko sa kanila. Pinagmasdan ko ang mga mata ng matandang lalaki, habang bumaling siya sa kanyang mga anak. Noong nakarating na kami roon at sumulong na sa tubig. . . Maputik ang bawat lawa, na madaanan. Pagdating namin doon, iyon ay talagang asul na asul, na mananakit ang mga mata mo, halos. At namingwit na kami, at ni hindi kami makahuli ng apahap, crappie, o anuman. At, bigla na lang, nagsimula na akong makahuli ng hito, at nakahuli ng isang tali ng mga iyon. Ang ilan sa mga iyon, ay limang libra, bawat piraso. At kung minsan ay dalawa pa sa isang pamansing, gamit ang bawig at pamansing. Namingwit kami, at nakahuli ng isang tali ng isda.

125 At noong sumunod na umaga, bumalik ako, sa pangingisda. Nakahuli ako ng isang napakalaking bluegill, 'yun ay. . . o 'yung tinatawag nating sunfish na mapula ang tiyan, ang pinakamalaking nakita ko kailanman.

126 Pagkatapos, noong lumapit sa akin 'yung kasamang lalaki, sabi ko, "Ngayon, ginoo, sinabi ng Biblia, 'Kung may isa sa inyo na espirituwal, at isang propeta, at ang sinabi niya ay mangyari, kung gayo'y pakinggan ninyo siya. Kung hindi ito. . .'" At kinuha ko ang apat na kilalang propesiya ng Saksi ni Jehovah at ipinakita sa kanyang wala sa mga iyon ang natupad; bawat isa sa mga iyon ay hindi natupad. Sabi ko, "Ngayon papaano naman 'yung isda?"

127 At ipinakita ng Diyos ang pangitaing iyon, upang baguhin ang taong iyon at ipanumbalik siya, para sa isang taong iyon, kahit pa may libo-libong nakahimlay, nagdurusa. Iyon ang sakop ng Diyos na Pinakamakapangyarihan, upang ipaalam sa inyo na ipinahahayag Niya ang Kanyang mga gawain sa pamamagitan ng Kanyang mga gawa, at ipinahahayag ang katangian Niya ng gayundin naman.

128 Masdan n'yo ang patubigan ng Betesda. Sinasabi n'yo, "Parang hindi gagawa ang Diyos ng ganoon." Tingnan n'yo 'yung mga lumpo, pilay, pingkaw, bulag, nanghihinay, na nagsisihintay. At hetong nagdaraan si Jesus doon mismo, ang kasuotan ay puspos ng kagalingan; at lumapit sa isang lalaki, at nagpunta sa isang lalaking may kakayahan namang maglakad, makagawa ng anumang naisin niya, subalit may isang uri ng sakit na nagpapabalam. At pinagaling siya, at iniwan ang iba pa sa kanila na nangakatayo roon. Kita n'yo? Ang Kanyang katangian. Nais Niyang ipakita ang Kanyang mga Kapangyarihan. Nais Niyang gumawa ng isang bagay. Oo, tumigil ang mundo, upang pansinin iyon.

129 Ngayon pansinin, noong isang araw bago kahapon, noong bumalik kami. Bumalik ako, sa pagtitipon sa Indianapolis, at naisip kong mamamalagi lang ako nang kaunting panahong, malayo sa mga tao, hanggang sa medyo nakapagpahinga na, 'pagkat nagkakaroon ako ng dalawampu o tatlumpu, sa isang araw, nitong mga pribadong panayam, at nagsisidating ang mga pangitaing iyon. Halos mamatay na ako pag-uwi ko. Walang nakaaalam ng pinagdadaanan ko roon; walang sinuman talaga. Walang paraan para maipaliwanag ito. Subalit gayunpaman sina Kapatid na Wood, at ang kanyang kapatid na lalaki at ako, ay pumaroon sa lugar, at para makapamingwit nga muli, nang isa pang araw at gabi.

130 At nung hapong iyon, habang nakaupo roon, nagsimulang magkuwento si Kapatid na Wood tungkol sa isang matandang babae na dati-rati'y kasapi sa Anderson church of God, dito, noong sila'y mga binatilyo pa. "Napakabuti talaga!" Ikinuwento

niya kung paanong ang naturang matandang babae'y dati-rati'y isinasama sila na noo'y mga maliliit pang batang Saksi ni Jehovah at kung paanong kinagigiliwan sila. At sabi ni Kapatid na Wood sa kanyang kapatid, si Lyle; sabi niya, "Lyle, hindi ba't napakainam ngayon, kung hahayo tayo para hanapin 'yung matandang kapatid na babae at ipaalam sa kanyang may kaligtasan na tayo?"

131 Ngayon, nakasumpong ng biyaya ang salitang iyon sa Diyos. Pagkatapos ng pag-uusap tungkol sa Diyos nang mahabang oras, tunay ngang nakasumpong ang salitang iyon ng biyaya. Ang dalawang lalaking Saksi ni Jehovah na iyon, kapuwa silang matanda na, nagnanais na hanapin ang isang matandang babae at sabihin sa kanyang may kaligtasan na sila, silang dalawang magkapatid na lalaki.

132 Noong sinabi nila iyon, ang Espiritu ng Diyos at ang Kanyang kapangyarihan ay bumaba sa akin, habang nakaupo sa bangkang iyon. Oh, sana'y may tinig ako, sa anumang paraan, at magawa kong patimuin iyon sa puso ng mga tao. Hindi ko na mapigilan ang sarili ko na para bang makalilipad ka sa buwan; sa pamamagitan lamang ng salitang iyon. At sabi ko, "Mga kasama, may napipintong mangyari. Isa itong hayop ng kung anong uri. Bubuhayin ito. May buhay na nakaugnay rito. At makikita n'yo ito kaagad-agad."

133 At naisip ko, "Ngayon ano bang sinabi ko?" At nagsimula akong mag-isip ng ilang mga bagay. "Ano ang nagbunsod sa aking sabihin iyon?" Walang pangitain. May Bagay lang na nagsalita. Ano iyon? Hindi iyon intelektuwal na kaisipan ko; ni hindi ako makaiisip ng ganoong bagay. Iyon ay doon sa kaibuturan nun. Sa puso pumasok ang Diyos. Siya ang nangungusap. Hindi ako, ni hindi ko iniisip ang gayong bagay, at nangusap Ito.

134 Sa palagay ko'y sa ganoong pagkakataon sinabi ni Jesus, "Kung mananampalataya ka sa iyong puso, at sasabihin sa punongkahoy na ito, o sa bundok na ito. At kung gayon ay hindi mag-alinlangan, kundi manampalataya na ang iyong sasabihin ay mangyayari, makakamtam mo ang iyong sinasabi."

135 Iyan ang punto ko. Humantong kayo sa ganoong kalagayan, kung saan ito'y Bagay na hindi na sarili mo. Ito'y Bagay na higit pa sa iyong katuwiran, na nangungusap nito. Nagpatuloy na kami.

136 Sa pagtatapos, sasabihin ko ito. Si Kapatid na Wood at sila ay nangakaupo rito bilang saksi. Noong kinaumagahan . . .

137 Noong gabing iyon, nagpunta kami, at pinagkalooban kami ng Panginoon ng mainam na gabi ng pamimingwit. Walang nakahuli ng anumang isda . . . At bigla na lang nakahuli kami ng tatlo roon, sa ilang minuto pa lang, at tumitimbang ang tatlong

iyon nang halos dalawampung libra. At talagang napakarami naming mga tali ng isda.

138 Noong sumunod na umaga, bumalik kami at inilalagay na noon ang mga pain, mga bago na, sa pamansing, at wala ni isang isda. Tapos na. Sabi ko, "Magpunta tayo rito sa maliit na look at magpahinga nang ilang minuto, mga kapatid. At mamimingwit naman tayo ng mga bluegill, gamit ang pamansing na may malalaking kalawit."

139 Bumalik kami roon at namimingwit noon ng mga bluegill, doon sa maliit na look, sakay sa aming bangka. At sa tuwing, hihinto kami nang matagal-tagal, humihinto 'yung makina. Hindi man kami nangingisda; nag-uusap kami tungkol sa Diyos.

140 At si G. Lyle, na ngayon ay . . . Nagpunta siya sa kapatid niyang babae, upang hikayatin siyang lumabas sa Saksi ni Jehovah. At sinabi nito sa kanya—sinabi nito sa kanyang nakikinig daw siya sa mga diyablo; na kami nga raw ang mga diyablo.

141 Sabi pa, "Lyle, matalino ka para pag-aksayahan ang ganyang mga bagay. At kung anu-ano pang mga bagay talaga."

142 Pagkatapos, nakabingwit si Lyle ng isang maliit na bluegill, mga *ganoon* kalaki. At nagsasalita pa kasi siya, kaya napabayaan niyang malunok ng munting isda 'yung malaking kalawit. Dumire-diretso 'yun sa tiyan ng maliit na isda. At noong makapa niya iyon, hindi na niya ito mahila palabas. Kaya pinisil na lamang niya iyon sa kanyang kamay, inikot-ikot iyon at hinatak kasama ang mga lamang-loob palabas. Kinailangang matanggal ang kalawit na iyon doon sa bibig, dahil kung pinigtas niya 'yung kalawit, iyon ay . . . patay nang isda, mamamatay rin lang naman. At ganito ang mga salitang nasabi niya, "Talagang ibinigay mo na ang lahat ng magagawa mo, munting nilalang," at initsa ito sa tubig.

143 At bumaligtad-baligtad ito nang tatlo o apat na beses, at nagpaikot-ikot pailalim sa asul na katubigan, hanggang sa marating nito ang kailaliman. Nanatili roon nang ilang minuto lang. At bumalik na ito, sa ibabaw ng tubig, at sumikdo nang tatlo o apat na beses. At dumiretso na ang kanyang palikpik, nang *paganoon*, tumagilid, namaluktot. At sa loob ng mga dalawampung minuto, na namimingwit kami, lumutang na siya pabalik doon sa kasukalan, nanatili roong hindi na pansinin. At ako . . .

144 At may nagsabi, "Yang mga maliliit na isda ay talagang nag-aagahan, o nagsisikain?"

Sabi ko, "Oo. Ganoon nga."

145 At sabi namin, "Oh, hindi ba't kamangha-mangha ang Diyos!" At sabi ni Kapatid na Wood, "Oh, napakainam

nito, Kapatid na Branham! Nagkaroon kami ng pribilehiyong makaparitong kasama ka." [Blangkong bahagi sa teyp—Pat.]

146 "Oh," sabi ko, "huwag mong isiping ganoon, Kapatid na Wood. Ito," sabi ko, "hindi ito isang—hindi ito ang banal na bundok. Hindi ito ang banal na dako. Ito'y ang banal na Diyos. Hindi isang banal na tao, kundi isang banal na Diyos." [Blangkong bahagi sa teyp—Pat.]

147 At habang nag-uusap kami, may Isang kumilos sa akin. [Kinakatok ni Kapatid na Branham ang pulpito nang dalawang beses—Pat.] Sabi, "Ipakikita Ko ngayon ang Aking Kapangyarihan." Bago ko pa mamalayan ang sinasabi ko, naisip ko ang Kasulatang iyon, "Anuman ang sabihin ninyo, manampalataya na mangyayari ito, sa inyong puso. Sabihin ninyo ito, at inyong makakamtan ang sinasabi ninyo." Ako'y—ako'y halos . . . nag-uumapaw Ito sa akin.

Naisip ko, "Ano ba itong nangyayari?"

148 Sina Lyle at Banks ay nakaupo roon. Namimingwit kami. Ang munting, patay na isda ay nakalutang na, nang mga dalawampung minuto, namaluktot na roon, inagos pabalik doon sa lugar; ang maliliit nitong lamang-loob ay nakalaylay sa kanyang bibig. At tiningnan ko ang munting isdang iyon, at sumagi ang ideya sa akin, "Sabi Niya sa mangingisda, 'Ihulog ninyo sa kabilang dako ng bangka.' Nagtiwala sila sa Kanyang Salita. Sabi ni Pedro, 'Panginoon, nangisda kami buong magdamag, at wala kaming nahuli. Datapuwat, sa Iyong Salita, ihahagis namin ang lambat.'" Hayun na nga, "Sa Salita!"

149 May Isang nagsabi sa akin, "Nalalaman ng Diyos 'yung isda. Bigkasin mo lang ang Salita at masdan mo ang mangyayari sa isdang iyon."

150 Sabi ko, "Munting isda, sa Pangalan ni Jesus Cristo, mabuhay kang mag-uli."

151 At ang Diyos, ang dakila kong hukom, kasama silang dalawang lalaking nakatayo roon, bumaling ang munting isdang iyon sa kanyang tagiliran at lumangoy palayo roon na sintulin nang makakaya nito, at buhay na naman. "Bigkasin mo ang Salita!" Ang Diyos na Pinakamakapangyarihan, sa pagtayo ko rito sa harapan Niya sa presensiya ng samahang ito at nitong Biblia, ay alam na 'yun ang katotohanan.

152 Gayong nangamamatay ang mga tao, at gayunma'y ipinakita ng Diyos ang Kanyang Kapangyarihan doon sa mga Sak- . . . sa Saksi ni Jehovah, na Siya ang pagkabuhay na mag-uli at Buhay, at wala Siyang hindi nalalaman tungkol sa iyo. "Sasabihin mo, at sampalatayanan na ang sinasabi mo ay mangyayari, kakamtin mo ang sinabi mo."

153 Ano iyon? Ipinakikita ng Diyos ang Kapangyarihan Niya; hindi ako, isa lang akong puno ng ubas . . . o isang sanga pala.

Kanyang binigyang-sigla ang sanga kaya hindi ko mapigilang sambitin ang mga tinig na iyon. Ano ba ang maiisip ko tungkol sa isang munting, patay na isdang nakalutang doon, gayong hiniwa pa nga namin sila at ipinain sa pamansing? Ang munting isdang iyon doon, palutang-lutang doon, patay.

154 Si G. Wood at silang mga nakaupo rito mismo, nakatuon ang paningin sa akin ngayon, sila'y saksi roon. At kumilos ang Espiritu ng Diyos sa lambak na iyon, na maiisip mong darating na ang Pag-agaw. Maging nung, hanggang sa, humiyaw si G. Wood at napabulalas, "Oh, mabuting nakaparito!" Sabi pa, "Kapatid na Branham, lubos kaming natutuwa na kami'y nakaparito!" Ang tanging bulalas na nasasambit nga nila'y ako'y tinuturing na nilang kapatid. At bumaling ako agad... Dahil, nakita nilang ginamit ako ng Diyos para magsalita ng buhay sa isang isda.

155 At, ngayon, tila ba kahibangan 'yung pakinggan, subalit iyon din ang Diyos na nagsalita ng buhay roon sa patay na opossum na nakaratay roon sa bakuran. [Kinatok ni Kapatid na Branham ang pulpito nang anim na beses—Pat.] Siya ang Alpha at Omega, ang Simula at ang Wakas. Siya ang Buhay, ang pagkabuhay na mag-uli. Siya ang Kapangyarihan, at Yaong walang-hanggan. Ang siya pa ring kahapon, ngayon, at magpakailanman!

156 Ipinababatid nun sa akin ito, na balang araw, kapag umalis na ang buhay mula sa katawang mortal na ito, at nakahimlay na ako roon, na payapa, kung nagmamalasakit Siya sa isang isda, tunay na magmamalasakit Siya sa akin at sa inyo, na nagsusumikap na paglingkuran Siya. At sa isang maluwalhating araw ay darating Siya. Hindi ang sanga, kundi ang Puno ng Ubas Mismo ang magsasalita mula sa punong himpilan Nito sa Kaluwalhatian, at yaong mga nangatutulog kay Cristo ay magsisibangon at paroroon sa walang hanggang Buhay.

157 Napakainam na pakiramdam! Walang makapagpapahayag nito. Kapag nakita mo ang isang patay na isdang nakalutang sa tubig, na hinila nang palabas ang mga lamang-loob nito sa kanyang bibig, ng isang taong may malaking kamay na piniga pa ang isda, nang *paganito*, at kinuha iyon at pinilipit iyon. At maririnig mo itong nalalapnis, noong lapnisin niya ang mga lamang-loob sa isda. Initsa ang munting nilalang sa tubig. Kumislot ito nang apat o limang beses, at sumikad, at 'yun na 'yun. Ang makita ang munting isdang iyon, sa isang sandali lamang na nabigkas ang salitang iyon, [Pinitik ni Kapatid na Branham ang kanyang daliri nang minsan—Pat.] na bumalik na muli sa kondisyon, sadyang buhay na buhay na gaya ng dati, at sumisid sa tubig na iyon, na sintulin nang makakaya niya, bumalik upang sumali sa kanyang mga kasamahang isda.

158 Siya ay Diyos. Alam Niyang naroroon 'yung isda. Katulad lamang na alam Niya na ang isa ay may barya sa bibig nito.

Kung papaanong alam Niyang kung ihahagis nito . . . Kung ang mga taong iyon, sabi nila . . . Sa San Marcos sa ika-5 kabanata, sinabi Nito na hiniram ni Jesus ang bangka ni Pedro roon at pumaroo't nangisda. Ngayon, sinabi Niya, "Ihulog n'yo upang makahuli ng marami." Gayong nangisda na sila, gayong . . . Alam pa nga nilang nangisda na sila magdamag at walang nahuli. Kung papaanong ginawa rin namin ang gayong bagay, at walang nahuli. Subalit, nais na makita ng Diyos kung magtitiwala sila sa Kanyang Salita, kaya sinabi Niya, "Ihulog ninyo ang mga lambat upang makahuli ng marami." Kung wala mang isda roon, sa pagtitiwala sa Diyos sa Kanyang Salita ay magkakaroon ng ilan doon. Ganoon nga iyon.

159 Kung gayon, ang siya ring Diyos, sa Kanyang parehong katangian noong pasimula, ay ang siya ring Diyos sa gayunding katangian ngayon. Siya ang Una, ang Huli. Siya ay nananatili kahapon, ngayon, at magpakailanman. Diyos pa rin Siya.

160 Kaya, kayong naririto ngayong umaga, at naipanalangin na, hayaang sabihin ko sa inyo ang isang bagay. Nakikita ang mga patotoong ito; at ang Diyos ang saksi kung totoo ang mga ito o hindi. Tama 'yun. Naghahanap kayo ng mga dakilang bagay. Sinisikap ninyong tumingin sa kung anong kamangha-manghang bagay sa dako rito, gayong nariyan na mismo sa tabi ninyo. Ganoon na nga. Ang mismong Diyos na naglagay ng pagkagutom sa inyong kaluluwa, upang lumapit at maipanalangin, ay ang siya ring Diyos na nagbigay ng buhay sa isdang iyon; ang siya ring Diyos na nagpahinto sa toro sa bukid; ang siya ring Diyos na nagpabagsak sa baliw na iyon doon sa aking harapan; ang siya ring Diyos na nag-ingat kay Daniel mula sa yungib ng mga leon; ang siya ring Diyos na nagsabi, "Ihulog ninyo ang inyong mga lambat sa kabilang dako rito, at upang makahuli nga ng marami." Siya ay nanatili kahapon, ngayon, at magpakailanman.

161 Hindi maaaring mabigo ang Kanyang mga gawa. Hindi maaaring mabigo ang Kanyang katangian. At ipinahahayag ng Kanyang mga gawa ang Kanyang katangian, kaya Siya'y bumangon na ngayon at naririto Siya sa ating kalagitnaan, siya pa rin kahapon, ngayon, at magpakailanman. At tayo'y mga saksi ng Kanyang katangian.

162 Binago ako ng Kanyang katangian. Noong dumating ito sa akin, isa pa ako noong makasalanan; at ngayon ay ligtas na ako. Naliligaw ako noon; ngayon ay nasumpungan na. Iniibig ko noon ang mga bagay ng sanlibutan; kinamumuhian ko na ito ngayon. Wala akong pakialam noon sa Diyos; mahal ko na Siya ngayon. May nangyari sa akin. May nangyari sa inyo. Ano iyon? Iyon ang gawa ng Diyos na ipinahahayag ang Kanyang katangian.

163 Mahal Niya tayo. Nagmamalasakit Siya sa inyong kapakanan. Nagmamalasakit Siya sa inyong kagalingan.

Nagmamalasakit Siya sa inyong kaluluwa. Maaari bang Siya na ang masunod sa inyong buhay? Huwag na huwag ninyo Siyang pag-aalinlanganan sa anupaman. Humayo kayo, na sumasampalataya sa Kanya, at ipagkakaloob sa inyo ng Diyos ang ninanasa ng inyong puso, sapagkat mabuting kalooban Niya ang gawin ito. Inaasam Niyang gawin ito. Subalit, ang kaso lang, nangalilito't gulung-gulo tayo. Magsitigil kayo!

164 Tingnan n'yo ito, sabihin n'yo, "Diyos, ako po ang tinutukoy nun. Kahit sino man ang manalangin para sa akin, anuman ang manalangin para sa akin." Hindi na kinakailangan pa ng isang Oral Roberts, isang Billy Graham, o isang William Branham, o isang A. A. Allen. Kinakailangan ang Diyos. Tama 'yun. Kinakailangan ang inyong pananampalataya, na nakaangkla roon sa Diyos.

165 Sabihin n'yo, "Diyos, Ito ang Katotohanan, at diyan lamang ako tatayo." At hayaan—hayaan itong mamalagi *rito*, hanggang sa bumaba ito *rito*, mula sa inyong ulo patungo sa inyong puso, magiging. . .hanggang sa maging isang realidad, kung magkagayo'y gagana na ito. Gagana lamang ito kapag nakarating na ito sa puso.

166 Pagpalain kayo ngayon ng Panginoon, habang iniyuyuko natin ang ating mga ulo. Ilagay ninyo ang inyong inaasam sa inyong puso. Ilagay ninyo ito sa harapan ng Diyos, ngayon din, (Maaari ba ninyong gawin ito?) habang tayo'y nananalangin. Kung ito'y para sa kaligtasan, kung ito'y para sa. . .Para saanman ito, ilagay ninyo ito sa harapan ng Diyos ngayon din habang nananalangin tayo.

My faith looks up to Thee,
Thou Lamb of Calvary,
Saviour Divine;
Now hear me while I pray,
Take all my guilt away,
O let me from this day
Be wholly Thine!

While life's dark maze I tread, (Tumaimtim na
po tayo ngayon.)
And griefs around me spread,
Be Thou my Guide;
Bid darkness turn to day,
Wipe all my fears away,
Nor let me ever stray
From Thee aside.

167 [Sinimulang ihiging ni Kapatid na Branham ang *My Faith Looks Up To Thee*—Pat.]

168 Banal na Diyos, masasabi po naming gaya niyaong mga tumayo sa bundok noong araw na iyon, na nagsabing, "Mabuti sa atin ang tayo'y naparito. At magtatayo kami ng tatlong

tabernakulo, maglalagay ng pastor sa bawat isa." Subalit kaagad na bumaling ang Tinig at nagsabing, "Siya ang inyong pakinggan. Siya ang Aking Anak." Ngayon hayaang bumaling kami mula sa mga pastor, mula sa mga Moises at mga Elias, at mula sa mga dakilang tao ng mundo, bagama't nagpapasalamat po kami para sa kanilang lahat. Subalit, sinabi Mo po sa amin na Siya ang aming pakinggan.

169 At sinabi ito ng Kanyang Salita, (hindi ng salita ng pastor, ni ng ebanghelista man), "Ang lahat ng bagay na inyong ninanasa, kapag kayo ay nananalangin, ay magsisampalataya kayo na inyong tinanggap na, inyong kakamtin ang mga ito. Kung sasabihin ninyo sa bundok na ito, 'Malipat ka, at mapasugba sa dagat,' at hindi mag-alinlangan sa inyong puso, kundi manampalataya na mangyayari ang sinabi ninyo, ay kakamtin ninyo ang sinabi ninyo." Hindi naman nangangahulugang magaganap sa isang iglap lang ito, ni hindi rin naman noon dagli-dagli kina Abraham at Sarah.

170 Subalit sinabi Mo po, "Kung mananampalataya kayo na mangyayari ang sinabi ninyo, ay kakamtin ninyo ang sinabi ninyo." Ngayon, Ama, narito po ang aming panalangin. Tanggapin Mo kami ngayon. Kunin Mo ang aming mga puso sa Iyong kamay at pigain ang mga ito nang talagang mahigpit na may pag-ibig, itinutulak palabas ang lahat ng pagkatakot at kawalang-pananampalataya sa mga ito, upang ang mga puso'y maging hungkag at walang laman. At saka Mo po agad punuin ang mga ito ng Iyong Espiritu, kung papaanong pumasok ang alkitran at sahing sa daong, upang pigilan ang pagkatakot at pag-aalinlangan na muling pumasok sa aming mga puso. At gawin Mo kami ayon sa Iyong pagkakayari, upang Iyong maihayag ang Iyong katangian, sa sanlibutan, sa pamamagitan namin, bilang mga kasulatang nababasa ng lahat ng mga tao.

171 Ang bawat isa nawang. . .napahiran. Iyon ang sinabi Mong gawin. Gumaling nawa sila, ngayon. Mula sa bawat tao, mula sa pangkaraniwang sakit ng ngipin, hanggang sa mga bulag, mga nagdurusa, o anupaman iyon, umangkla po nawa ang pananampalatayang iyon ngayon sa pusong iyon na natatakot at nag-aalinlangan sa pagpasok nitong mga karamdaman.

172 At, Oh Diyos, lagi ko pong naaalala. . .Ako mismo, kaming tatlong kalalakihan; katulad nina Pedro, Santiago at Juan na tumayo sa Bundok ng Pagbabagong-Anyo at nakita ang ginawa Mo roon. Hinding-hindi namin makalilimutan ang maliit na look doon sa Fanny Creek, hangga't mayroon kaming mga alaala't gunita. Maaaring hindi ito gaanong mahalaga sa sanlibutan, subalit noong nakita namin ang walang hanggang kapangyarihan ng Diyos, ang pagiging nasa lahat ng dako ng buhay na Diyos na kumilos at nahahabag, nang sapat sa sangkatauhan, upang ipakita ang Iyong Kapangyarihan, sa pagpapanumbalik sa munting isda na namatay sa katubigan, na

mabuhay mag-uli, na ang bagay na iyon ay lumalampas lang sa uluhan ng isang mapagduda o ng isang di-mananampalataya. Subalit, sadya nga itong naitatala sa puso ng Cristiano!

173 Alam po naming Ikaw ang Diyos. Ikaw ang siya pa ring Diyos dito sa silid na ito ngayong umaga. Higit Mong kayang pagmamalasakitan ang mga tao sa silid na ito, silang mga kalalakihan at kababaihan dito, kaysa sa pagmamalasakit Mo sa kapakanan ng munting isda! Ano ang halaga ng munting isdang iyon sa Iyo? Wala; ipinakikita lamang ang Iyong gawa. At dalangin ko, Diyos, na Iyong ipahahayag ang Iyong mga gawa sa bawat lalaki at babae, batang lalaki at batang babae, na naririto ngayong araw.

174 Kung may ilang naririto, Panginoon, na hindi Ka pa po nakikilala, bilang kanilang Tagapagligtas, hindi pa naranasan, at magnanais na maalis lahat nang walang itinitira sa kanilang puso, sa araw na ito, mula sa lahat ng mga patapon at walang-kabuluhang bagay ng sanlibutan, upang mapuno Mo ang kanilang puso ng pag-ibig, kung paanong ginamitan ni Noe ng sahing ang daong, dalangin ko po na kakasamahin Mo sila, sa mga lumilipas na minuto ngayon na natitira sa programa. Ipagkaloob Mo po ito, Ama, sa Pangalan ni Jesus.

At habang nakayuko ang ating mga ulo:

> May Thy rich grace impart
> Strength to my fainting heart,
> My zeal inspire!

175 Ngayon kung nais ninyo si Cristo, habang sila'y umaawit, nais na ibuhos ang inyong puso na walang itinitira, ngayong umaga, at tanggapin kayo ng Diyos sa kung ano kayo riyan, maaari ba ninyong itaas ang inyong kamay sa Kanya. Sabihin, "Alalahanin Mo po ako." Pagpalain ka ng Diyos, ginoo. At ikaw, ginoo. Ikaw, kapatid na babae. Ikaw, kapatid na lalaki. Ikaw. May iba pa po ba, sa aking kanan? Itaas ang inyong kamay. Pagpalain ka ng Diyos, kapatid na babae. May iba pa bang magsasabi, "Nais kong ibuhos ang aking puso nang walang itinitira." Pagpalain ka ng Diyos, kapatid na babae, riyan.

> Hayaang mula sa araw na ito
> Ako'y maging ganap na Iyo!

176 May iba pa po bang nais na magtaas ng kanilang kamay ngayon, bago lamang makapanalangin?

177 Ama, Diyos, nakita Mo po ang bawat kamay. Pito o walo, sampung mga kamay ang tumaas. Kanila ngayong ibinubuhos nang walang itinitira ang lahat ng kanilang mga pagkatakot at kawalang-pananampalataya. Kanila na ngayong inaangkin Ka bilang Siyang kanilang Kasapatan, bilang kanilang Mangingibig, bilang kanilang Tagapagligtas, bilang kanilang Tagapagpagaling. Lahat ng mga pag-aalinlangan at mga pagkatakot, na hinahangad nilang maalis na sa kanila.

Dalangin ko po na ipagkakaloob Mo ito, Panginoon, sa Iyong dakilang biyaya. Itulot Mo pong sadyang mangyari ito ngayon.

178 Kaya Mong salitain ang Buhay sa isang isda; salitain ang Buhay sa isang munting patay na batang lalaki; salitain ang buhay kay Elij' Perry na nakahimlay roon, patay na, at nakakrus na ang kanyang mga kamay; makapagsalita ng buhay sa isang munting, patay na sanggol doon sa Mexico; salitain ang buhay doon kay Lazarus, matapos na patay na nang apat na araw. Gaano pa kaya kaming makapaninindigan, sa araw na ito, sa Bato ng Kanyang Walang Hanggang Salita, at tumingin lampas sa aninong ito ng pag-aalinlangan, tungo sa Kanya na nagsabi, "Ako ang pagkabuhay na mag-uli at Buhay." Manahan po nawa ang pananampalataya ngayon sa Kanya, doon sa matibay na Bato, si Cristo. At matanggap po nawa nila ang lahat ng kanilang hiniling. Dinggin Mo po ang aming mga dalangin sapagkat kami ay dumadalangin sa Pangalan ni Cristo. Amen.

I love Him, I love Him
Because He first loved me
And purchased my salvation
On Calvary's tree.

179 Ngayon habang tayo'y muling umaawit, makipagkamay po tayo sa mga katabi natin. Manatili lamang na nakaupo ngayon, tayo'y . . . Hindi pa po tapos ang gawain, kita n'yo.

I love Him, . . .

180 [Iniwan ni Kapatid na Branham ang mikropono at may kinakausap—Pat.]

Purchase my salvation
On Calvary's tree.

181 Pakiramdam n'yo ba'y nilinis na kayong lubos? Mas mabuti na ba ang pakiramdam n'yo ngayon? Pakiramdam ninyo'y para bang ang Salita . . . Ito'y—Ito'y—Ito'y—Ito'y ang Dugo ng Panginoong Jesus na lumilinis, na pumaroon mismo sa inyong puso, nilinis tayo mula sa lahat ng kasalanan at pagsalangsang.

And purchased my salvation
On Calvary's tree.

Ngayon, Kapatid na Neville.

*MANAMPALATAYA MULA SA PUSO* TAG57-0623
(Believe From The Heart)

Ang Mensaheng ito ni Kapatid na William Marrion Branham, na orihinal na ipinangaral sa Ingles noong Linggo ng umaga, Hunyo 23, 1957, sa Branham Tabernacle sa Jeffersonville, Indiana, U.S.A., ay hinango mula sa magnetikong teyp rekording at inilimbag na walang pagbabago sa Ingles. Itong Tagalog na salin ay inilathala at ipinamamahagi ng Voice of God Recordings.

TAGALOG

©2017 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. BOX 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org

## Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamahaging materyales, kontakin lamang ang:

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. BOX 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org